


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 2



*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 5:
## Luntiang Paligid Mo, Ligaya sa Puso ko!



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________



## Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaalaman at pagkatuto sa mga aralin upang lubos mong maunawaan ang inyong leksyon.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:



1.Nakagagamit nang masinop ng anumang bagay tulad ng tubig ,pagkain,enerhiya at iba pa.
**EsP2PPP-IIId-e-10**

Handa ka na bang palawakin ang iyong kaalaman? Kung ang sagot mo ay oo, inaasahan sa modyul na ito ang iyong aktibong pagsunod sa bawat gawain upang makamit ang bawat kompetensing ninanais matamo.



## Subukin

**Panuto:** Tukuyin ang mga larawan sa kahon. Iguhit ang masayang mukha  kung ang larawan ay nagpapakita ng pag-aalaga sa kapaligiran at malungkot na mukha naman  kung hindi ito nagpapakita ng pag-aalaga sa kapaligiran.

___1. 
___2. 
___ 3. 

_____4. 

_____5. 


| Modyul 5 | LUNTIANG PALIGID MO,LIGAYA SA PUSO! |
|---|---|



## Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang magkaroon ng isang maayos at malinis na kapaligiran. Sa modyul na ito, inaasahang mas mapalalim pa ang iyong kaalaman at mas mauunawaan ang pag-aalaga sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halaman.

**PANUTO:** Tingnan ang mga larawan sa kahon. Kulayan ng berde ang mga larawan na nagpapakita ng wastong pagtapon ng basura sa kapaligiran.




## Tuklasin

Ang modyul na ito ay ginawa upang maunawaan ang mga dapat gawin upang magkaroon ng maayos, malinis at makulay na kapaligiran

Handa ka na ba?

Napakagandang pagmasdan ang isang kapaligirang makulay dahil sa malulusog na halaman. Tingnan ang kaibahan ng mga larawan.



**Sa unang larawan:** Maraming mga puno, bulaklak at iba pang uri ng halaman. Maganda itong tingnan dahil sa makukulay na mga bulaklak. Nagbibigay ito ng sariwang hangin sa kapaligiran.Ang mga puno ay nakatutulong upang mapigilan ang pagbaha.

**Sa ikalawang larawan:** Walang mga puno, bulaklak o ano mang klaseng halaman na makikita sa paligid. Walang kabuhay-buhay itong tingnan. Hindi sariwa ang hangin sa kapaligiran.

- Ang puno ay nakakatulong upang mapigilan ang pagbaha. Nakapagbibigay ito ng sariwang hangin pati na rin ang mga halaman.

- Nangangailangan ang mga puno at halaman ng sikat ng araw upang mabuhay.

- Upang higit na maalagaan, hindi tama ang ginagawang pagputol ng mga puno sa gubat. Kung ito ay nasira ng dahil sa bagyo o pagguho ng lupa nararapat lamang na ito ay palitan sa pamamagitan  ng muling pagtatanim nito sa ating kagubatan.

- Isang paraan upang makatutulong tayo sa pag-aalaga ng ating mga puno ay kung iniingatan natin ang ating mga upuan.



## Suriin

**Panuto:** Basahin ang mga sitwasyon. Lagyan ng tsek **(/)** ang kahon kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga halaman sa kapaligiran at lagyan naman ng ekis **(x)** kung **hindi** ito nagpapakita.


☐ 1.Nagtanim ng bulaklak si Ana sa kanilang bakuran.
☐ 2.Inapakan ni Lito ang mga halaman ng kanyang ina.

☐ 3.Diniligan ni Maria ang mga gulay sa kanilang hardin.
☐ 4.Pinutol ni Mang Juan ang mga puno sa likod ng kanilang bahay.
☐ 5.Nilagyan ng pataba ni Aling Joan ang kanyang mga bulaklak.



## Pagyamanin

**Panuto:** Tukuyin ang inilarawan ng pahayag sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot sa kahon at isulat ang titik sa patlang.




_____1.Nagtanim ng gulay ang mga mag-aaral kasama ang kanilang guro sa gulayan sa paaralan.
_____2.Napagalitan si Karlo dahil pinutol niya ang puno.
_____3.Diniligan ni Marcus ang mga halaman.
_____4.Sama-samang nagtanim ng kahoy ang pamilya ni Francis.
_____5.Inalagaan nina Rose,Lina at Petra ang mga bulaklak sa kanilang bakuran.

## Isaisip

Laging tandaan na ang halaman ay nakapagpapaganda ng ating kapaligiran kaya't dapat natin itong alagaan.

Luntiang halaman,sa puso ay kaligayahan!

## Isagawa

**Panuto:** Isulat ang hugis puso ♥ kung **tama** ang ginagawa ayon sa pangungusap at hugis tatsulok △ naman kung **mali.**

______1.Nakatutulong ang mga puno upang mapigilan ang pagbaha.
______2.Nakapagbibigay ng sariwang hangin ang mga halaman.
______3.Hindi nangangailangan ng sikat ng araw ang mga halaman.
______4.Tama ang ginagawang pagpuputol ng mga puno sa gubat.
______5.Nakatutulong tayo sa pag-aalaga ng ating mga puno kung iingatan natin ito at hindi puputulin.

## Tayahin

**PANUTO:** Sabihin kung ano ang iyong gagawin sa mga sumusunod na sitwasyon. Bilugan ◯ ang titik ng tamang sagot.

1.Payat at naninilaw ang itinanim mong okra. Ano ang iyong dapat gawin?
A. Pababayaan ko na lang ito hanggang sa mamatay.
B. Didiligan at paaarawan ko ito.

C. Ilalagay ko ito sa lilim.

2. Galing sa puno ang ating mga upuan. Nakita mong sinisira ng kaklase mo ang kanyang upuan.

A.Pababayaan ko siya.

B. Ibibigay ko na lang ang upuan ko sa kanya.

C.Ipapaliwanag ko kung saan galing ang upuan.

3. Maraming insekto ang iyong halaman. Dapat mo ba itong alisin?

A. Oo. Sapagkat kinakain nito ang halaman.

B. Hindi. Nakakataba ito sa halaman.

C. Hindi. Babalik din naman sila.

4. May proyekto ang paaralan tungkol sa paghahalaman sa tahanan. Maliit lamang ang inyong bakuran. Ano ang iyong dapat gawin?

A.Magtatanim ako sa paso.

B.Hindi na lang ako magtatanim.

C.Magtatanim ako sa kapitbahay.

5. Nakita mong inapakan ng ibang bata ang mga damo sa parke. May nakasulat ditong "Huwag Tapakan". Ano ang dapat mong gawin?

A.Sasabihin ko sa kanila na ingatan ang mga halaman.

B.Titingnan ko lang sila.

C.Makiki-apak na rin ako sa mga halaman.



## Karagdagang Gawain

**PANUTO:** Iguhit sa kahon at kulayan ang mga halaman na gusto mong itanim sa inyong tahanan.Aayusin ang mga ito batay sa nais mong ayos sa paligid ng inyong bahay.